

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng Heneral Trias

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG
HENERAL TRIAS, KABITE NA GINANAP NOONG IKA-3 NG PEBRERO,
2000 SA SESSION HALL NG BAHAY PAMAHALAAN.

MGA DUMALO:

Kgg. Francisco B. Grepo Pang. Punong Bayan/Tagapangulo
Kgg. Felix A. Grepo Kagawad/Majority Floor Leader
Kgg. Amelia P. Madrona Kagawad
Kgg. Carmelito B. Nocon Kagawad/Asst. Majority Floor
Leader
Kgg. Armando D. Magsino Kagawad
Kgg. Teodoro G. Grepo Kagawad
Kgg. Flaviano P. Satsatin ... Kagawad
Kgg. Arturo P. Tacos Kagawad/Asst. Minority Floor
Leader
Kgg. Hernando M. Granados ... Kagawad/Minority Floor Leader
Kgg. Bayani B. Parin Kagawad/ABC President
Kgg. Vivien L. Lujero Kagawad/SKF President

DI DUMALO:

W A L A

KAPASIYAHAN BLG. 8-2000

Sa mungkahi ni Kag. Amelia P. Madrona na pinangalawahan nina Kag. Felix A. Grepo, Kag. Armando D. Magsino, Kag. Teodoro G. Grepo, Kag. Flaviano P. Satsatin, Kag. Arturo P. Tacos, Kag. Hernando M. Granados, Kag. Bayani B. Parin at Kag. Vivien L. Lujero, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang isang kautusan na nagbabawal ng pagpapadaloy ng mga kemikal at dumi mula sa mga residensyal, komersyal at iba't ibang establisimyento gayundin ng dumi mula sa piggery, poultry, bakahan at iba pang proyektong katulad nito sa mga buhay na ilog, sapa, ilat, kanal at mga lugar na dinadaluyan ng tubig na nasasakupan ng bayan ng Heneral Trias, Kabite, na makikilala na Kautusang Pambayan Blg. 5-2000 at mababasa tulad ng mga sumusunod:

KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 5-2000

ISANG KAUTUSAN NA NAGBABAWAL NG PAGPAPADALUY NG MGA KEMIKAL AT DUMI MULA SA MGA RESIDENSYAL, KOMERSIYAL AT IBA'T IBANG ESTABLISIMYENTO GAYUNDIN NG DUMI MULA SA PIGGERY, POULTRY, BAKAHAN AT IBA PANG PROYEKTONG KATULAD NITO SA MGA BUHAY NA ILOG, SAPA, ILAT, KANAL AT MGA LUGAR NA DINADALUYAN NG TUBIG NA NASASAKUPAN NG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite, na:

Seksyon 1 - Mahigpit na ipinagbabawal ng Pamahalaang Bayan ng Heneral Trias, Kabite ang pagpapadaloy sa mga buhay na ilog, sapa, ilat, kanal at mga lugar na dinadaluyan ng tubig ng mga likidong kemikal at dumi mula sa residensyal,

TEODORO G. GREPO
SB MEMBER

VIVIEN L. LUJERO
SB MEMBER

ARMANDO D. MAGSINO
SB MEMBER

BAYANI B. PARIN
SB MEMBER

CARMELITO B. NOCON
SB MEMBER

HERNANDO M. GRANADOS
SB MEMBER

AMELIA P. MADRONA
SB MEMBER

ARTURO P. TACOS
SB MEMBER

FELIX A. GREPO
SB MEMBER

FLAVIANO P. SATSATIN
SB MEMBER

YOTED NEGOTIATELY

komersyal at iba't ibang establisimyento gayundin ng dumi mula sa mga piggery, poultry, bakahan at iba pang proyektong kauri nito.

Seksyon 2 - PAMAMAHALA AT PAGPAPATUPAD

Saklaw ng ordenansang ito ang lahat ng may kinalamang tanggapan gayundin ang Tanggapan ng Pangkalusugan at Tagapamuno ng mga Barangay.

Seksyon 3 - KAUTUSAN

Inaatasan ng Pamahalaang Bayan ang lahat ng mga Pabrikang pagpapatayo ng Sewerage Treatment Plant at Waste Water Treatment Facility para sa mga residential subdivision upang ang likidong kemikal at dumi ay maging malinis bago dumaloy sa mga ilog, sapa, ilat at mga lugar na dinadaluyan ng tubig na nasasakupan ng bayan ng Heneral Trias.

Seksyon 4 - KAPARUSAHAN

Ang alinmang pabrika o establisimyento o sinumang tao na mahuling lumabag sa kautusang ito ay parurusahan ayon sa itinatadhana ng ordenansang ito tulad ng mga sumusunod:











Unang paglabag	-	P	2,000.00 multa
Ikalawang Paglabag	-		3,000.00 multa
Ikatlong Paglabag	-		5,000.00 multa at pagpapasara ng pabrika o establisimyento, o pagkabilanggo ng isang (1) linggo hanggang anim (6) na buwan o ayon sa desisyon ng Korte.

Ang multang nabanggit ay babayaran sa Tanggapan ng Ingat-Yaman ng bayan at magiging bahagi ng pondo ng Pamahalaang Bayan.


Seksyon 5 - BISA

Ang ordenansang ito ay magkakabisa tatlung (30) araw matapos mapagtibay at mailathala sa isang pahayagan.


PINAGTIBAY NG LAHAT.

 FELIX A. GREPO Kagawad	 FRANCISCO B. GREPO Pang. Punong Bayan/Tagapangulo	 CARMELITO B. NOCON Kagawad <i>VOTED NEGATIVELY</i>
 ARMANDO D. MAGSINO Kagawad	 AMELIA P. MADRONA Kagawad	 FLAVIANO P. SATSATIN Kagawad
 ARTURO P. TACOS Kagawad	 TEODORO B. GREPO Kagawad	 BAYANI B. PARIN Kagawad/ABC Pres.
	 VIVIEN L. LUJERO Kagawad/SKT Pres.	

PINATUTUNAYAN:


EUGENIA G. SAN JOSE
SB Kalihim

PINAGTIBAY:


DENCIO M. CAMPAÑA
Punong Bayan
April 28, 2000
Date